

Patakaran sa Tulong Pinansyal ng OHSU Health

Buod sa Simpleng Pananalita

Kailangan mo ba ng tulong sa pagbabayad para sa iyong pangangalaga?

Kung kailangan mo ng tulong sa pagbabayad ng iyong medical bill sa OHSU Health, may mga opsyon ka. Pakikontak kami kung nag-aalala ka tungkol sa pagbabayad ng iyong mga medical bill. Hangga't maaari, humingi ng tulong pinansyal **bago** ka tumanggap ng pangangalaga.

Sino ang maaaring makatanggap ng tulong sa mga medical bill?

Ang pagiging kwalipikado para sa tulong sa pagbabayad ng mga medical bill ay nakadepende sa iyong income, health insurance, bilang ng mga tao sa iyong sambahayan, kung saan ka nakatira, at uri ng pangangalaga. Tingnan ang Patakaran sa Tulong Pinansyal para sa mga detalye.

Gaano kalaking tulong ang maaari kong matanggap?

Para sa emergency na pangangalaga at pangangalagang medikal na kinakailangan, nagbibigay ang OHSU Health ng:

- Pangangalaga nang **walang bayad** kung ang income ng iyong sambahayan bago ibawas ang mga buwis ay mas mababa sa 300% ng Pederal na Antas ng Kahirapan (Federal Poverty Level).
- 65% na diskuwento kung ang income ng iyong household bago ibawas ang mga buwis ay nasa pagitan ng 300% at 400% ng Pederal na Antas ng Kahirapan. Para makita ang kasalukuyang Pederal na mga Antas ng Kahirapan, pumunta sa aspe.hhs.gov/poverty-guidelines.

Paano mag-apply

Ang sinumang pasyente o advocate (tulad ng miyembro ng pamilya) ay maaaring humingi ng tulong pinansyal anumang oras bago, habang, o pagkatapos tumanggap ng pangangalaga. Magsasagawa kami ng screening sa pasyente o sa taong responsable sa bill. Maaaring kailanganin nilang sagutan ang isang application at patunayan ang kanilang income gamit ang mga paystub, income tax return, at bank record.

Available ang Tulong Pinansyal ng OHSU Health sa lahat ng lokasyon ng ospital at klinika, **maliban sa mga bayad sa doktor sa mga lokasyong ito:**

- Richmond Family Medicine
- East Portland Family Medicine
- School of Dentistry

Kung mayroon kang mga tanong, kailangan mo ng tulong, o gusto mo ng application o higit pang impormasyon, kontakin ang:

	OHSU	Hillsboro Medical Center
Website	www.ohsu.edu/health/financial-assistance	tuality.org/patient-resources/financial-assistance/
Telepono	503-494-8551	503-494-8551
Personal na pagbisita 8 a.m. – 4:00 p.m.	OHSU Patient Financial Services OHSU Hospital 9 th floor 3181 SW Sam Jackson Park Road Portland, OR 97239	Hillsboro Medical Center Patient Financial Services 335 SE 8th Ave. Hillsboro, OR 97123
Koreo	OHSU Patient Financial Services Mail Code: RPB07 3181 SW Sam Jackson Park Road Portland, OR 97239	OHSU Patient Financial Services Mail Code: RPB07 3181 SW Sam Jackson Park Road Portland, OR 97239

Ibang mga wika

- Para sa Vietnamese, Russian, Arabic, Chinese, Korean, at Spanish, pumunta sa www.ohsu.edu/health/financial-assistance-programs para sa Patakaran sa Tulong Pinansyal, application, at buod na ito.
- Para sa lahat ng iba pang wika, tumawag sa 503-494-8551. Puwede ka naming ikonekta sa isang interpreter.

Iba pang paraan na maaari kaming makatulong

Nag-aalok ang OHSU Health ng mga payment plan nang walang karagdagang bayad.

- Para sa mga serbisyo ng OHSU o Hillsboro Medical Center, tumawag sa 866-617-6855.

Matutulungan ka ng OHSU Health na makahanap ng health insurance sa pamamagitan ng mga programa ng pederal at gobyerno ng estado.

- Para sa OHSU, tumawag sa 503-494-1671.
- Para sa Hillsboro Medical Center, tumawag sa 503-681-1012.